**Kapangyarihan, Prestihiyo at mga Nakaligtaang Pagpapahalaga: Isang Manipesto sa Pag-aaral ng Kalamidad**

*Pagsasalin sa wikang Filipino-Tagalog ng Disaster Studies Manifesto bilang bahagi ng Service-Learning Activity ng kursong Geography 255 (Geography of disasters and disaster risk reduction) sa UP Department of Geography. Ito ay ibinahagi sa publiko sa pamamagitan ng lecture series ng UP Department of Geography at Philippine Geographical Society (PGS) noong ika-21 ng Enero taong 2022. Mapapanood ito din sa youtube -* *https://www.youtube.com/live/iei-NaUofiE?feature=share*

## 1. Panimula

Ang ating layunin ay magsulong ng mas pantay at tapat na ugnayan sa pagitan ng mga mananaliksik, lokal man o hindi lokal sa isang lugar ("local" and "external" researchers), na nag-aaral tungkol sa kalamidad. Ang manipesto na ito ay panawagan upang muling suriin ang ating mga adyenda, mga metodo, at kinakailangang "resources" sa pananaliksik.

Kinikilala natin na ang bawat mananaliksik sa ating globalisadong sistema ay may pagkakaiba ng mga pananaw. Pero ang manipesto na ito ay sumasalamin din ng ating parehong prinsipyo o mga minimithi pagdating sa usapin ng pag-aaral ng kalamidad bilang isang kolektibo. At ito naman ay hindi pag aangkin o pagsasabi na nakamit na natin ang mga layuning ito.

Kung kaya naman, tayong mga nakalagda ay nakikiisa sa mga prinsipyong nakalatag sa manipesto na ito. At tayo ay patuloy na nananawagan sa mga iba pang nais sumama sa pagsusulong at pagsasakatuparan ng mga layunin ng manipesto.
Ang ating mga hinaing

1.1 Ang mga pag-aaral sa kalamidad ay madalas hindi nakabase sa realidad at kontekstong lokal (o mga komunidad). Sa mga ganitong pagkakataon, ang mga mananaliksik ay may pananaw na hindi naka-konteksto o akma sa kultura at karanasan ng pang-araw araw na panganib sa buhay ng mga tao sa komunidad.

1.2. Dahil dito, ang mga pag-aaral sa kalamidad ay kadalasang humahantong lamang sa 'pagkatuklas' ng mga kaalamang likas na sa mga tao na ang karanasan ng kalamidad ay bahagi ng pang-araw araw na pamumuhay. Maaari itong maging isang intelektwal na pananakop - pananaliksik na ginawa TUNGKOL sa mga taong nakakaranas ng panganib. Subalit ang pananaliksik na ginawa ay hindi BATAY sa karanasang lokal, o kaya ay hindi KASAMA ang mga tao sa komunidad at lokal na mananaliksik, at sa bandang huli ay hindi rin PARA sa kanila.

1.3. Malawakang tinanggap o tinatanggap ang mga metodolohiya na hango sa "Enlightenment" na pag-iisip at ipinatupad ng mga mananaliksik mula sa mga bansang sanay sa ganuong mga tradisyon. Maging ang wikang ginagamit natin (ngayon, karamihan ay pang-akademikong Ingles), ang ating umiiral na mga salaysay, ang ating mga kultural na mga lente at ang pag-balangkas ng ating mga suliranin sa pananaliksik ay nakabatay sa "Enlightenment" na pag-iisip, at hindi sa mga lokal at katutubong ontolohiya at epistemolohiya, o pananaw. Ito ay nakasanayan na at syang batayan ng mga "peer reviewer" (tagasuri) sa pag apruba ng mga publikasyon at ganuon din ng mga panukala sa mga proyekto ng pananaliksik.

1.4. Ang epekto at tagumpay ng pananaliksik ay karaniwang sinusukat batay sa mga prayoridad ng mga institusyong nakabatay ang pagpapahalaga sa nasabing “Enlightenment” na pag-iisip kabilang na ang mga adyenda at mga kinakailangang ulat ng mga nagpopondong ahensya at mga donor.

1.5. Ang mga adyenda ng pananaliksik sa mga pag-aaral sa kalamidad ay madalas na ayon sa interes na pang-institusyunal tungkol sa mga konsepto, mga buzzword at mga layuning pang-industriya (o pribadong sektor) at pampulitika na siyang madalas na may pondo para sa pananaliksik. Bukod pa dito, ang mga mekanismo para sa pagpopondo ay kadalasang pinapaboran ang mga panukala sa pananaliksik na nagsusulong ng mga neoliberal na interes, at, nagtataguyod ng mga interes ng mga mananaliksik o iba pang outsiders, ngunit nagkukulang pagdating sa pang-siyentipiko at etikal na pagpapahalaga.

1.6. Ang mga adyenda ng pananaliksik ay binubuo base sa mga banyagang patakaran at interes, at madalas ay isinasakatuparan sa pamamagitan ng pagpondo sa pananaliksik na hindi naman kapaki-pakinabang sa mga komunidad o lokalidad na siyang dapat may mas bigat o halaga. Ang mga proyekto para sa pagpapaunlad ng kapasidad ay nakatuon rin sa mga layuning neokolonyal. At dahil dito, hindi nabibigyan ng pansin ang mga pananaliksik na GAWA o inisyatibo ng mga lokal na mananaliksik na maaaring mas PARA sa komunidad ang mithiin.

1.7. Ang mga “eksperto” mula sa labas ng mga komunidad ang nangunguna (at mas tumatanggap ng papuri at benepisyo) sa pagsasaliksik na ang kadalasang paksa ay ang mga bulnerableng sektor. Sa mga pagkakataong ito, ang mga taong “paksa” ng pag-aaral at mga lokal na mananaliksik na dapat ay nangunguna sa mga pag-aaral at may malaking bahagi ay naisasantabi. At ang hindi magandang praktis ng pananaliksik na ito ay tila isa ng modelo para sa maraming bihasang mananaliksik, unibersidad, at iba pang indibidwal at organisasyon.

1.8. Ang pangunahing motibasyon ng mga indibidwal na mananaliksik ay ang nakalaang pondo, at ganuon din ang oportunidad o kaya ang matinding “pressure” na makapaglathala sa mga kilalang peryodiko. Kaugnay nito, mas nagkakahalaga pa ang karangalang kaakibat ng mga personal na adyenda na ito at tila nawawalan ng saysay ang dapat sana ay benepisyo mga tao lalo na ang mga bulnerableng grupo o komunidad sa harap ng kalamidad. At kadalasan nga, ang turing pa sa mga ganitong pag-aaral ay “exotic” o kakaiba, na kung tutuusin ay walang pakinabang o kontribusyon sa ninanais na resulta ng ginagawang pagsasaliksik.

## 2. Ang ating mga naisin

2.1 Nais natin na ang pag-aaral ng kalamidad ay nakabase sa pagtitiwala at respeto sa mga lokal na mananaliksik, o ng kanilang kaalaman at kakayahan. Ang mga kaalaman at kakayan ng mga tao o komunidad na pinag-aaralan at ganuon ng mga mananaliksik at may halaga at kasinghalaga katulad ng ibang kaalaman mula sa labas o ibang bahagi ng mundo.

2.2 Nais natin na pag-aralan ng mga lokal na mananaliksik ang kanilang sariling lokalidad at ang mga kalamidad sa kanilang pamayanan o lugar. Kinikilala natin ang kaalaman ng mga lokal

na mananaliksik kaya dapat sila ang manguna sa pagsisiyasat o pag-aaral na may kinalaman sa mga panganib at kalamidad sa kanilang lugar. Sila rin ang dapat mamuno o maging bahagi ng mga mga akademiko at di pang-akademikong publikasyon at maging sa mga aktwal na kumperensya.

2.3 Nais natin na tangkilikin at suportahan ang mga lokal na mananaliksik o inisyatibo sa pag-aaral ng kalamidad, at kung ito ay hiningi o kinakailangan lamang. Sa pagtutulungan, ang mga lokal na mananaliksik at/ o mga tao sa komunidad ay dapat maging bahagi ng pag-uusap at mga desisyon patungkol sa tunguhin ng pananaliksik. Kabilang na dito ang partisipasyon sa mismong pananaliksik at pag-aaral kung saan madalas ay wala o nagkukulang ang lokal na kakayahan. Ang pagtutulungan sa pagitan ng mga mananaliksik, lokal man o taga-unibersidad o labas ng komunidad, ay dapat naka-angkla sa dati na o nabuo ng mga samahan at dialogo, kung meron na, at maging sandalan ng mga susunod pang kolaborasyon.

2.4 Nais natin na ang mga pananaw at epistemolohiyang lokal at mga katutubong kaalaman tungkol sa kalamidad ang maging pangunahing gabay upang lubos na makita o mapag-aralan ang mga tunay na kaganapan sa komunidad at reyalidad na kanilang kinakaharap. At dapat naman pahalagahan ng mga lokal na mananaliksik ang mga pansariling ontolohiya at epistemolohiya sa tuwina, upang malayang mapag-aralan ang kalamidad batay sa pang-unawa na likas o taal na sa lugar, o mga konsepto, pamamaraan, at mga wikang umiiral na sa isang lugar. Ang mga lokal at dayuhang mga mananaliksik ay dapat mahikayat at masuportahan na maglathala hindi lamang sa mga peryodikong internasyonal kung hindi ganuon din sa mga lokal na publikasyon na magsisilbing entablado at sanggunian ng kanilang pag-aaral.

2.5 Nais nating bigyan pa ng diin na ang pag-aaral ng kalamidad ay may pampulitikang adhikain o aspeto. Mahalaga na tugunan ang ugat o sanhi ng kahinaan (bulnerabilidad) at kilalanin din ang mga kakayahan (kapasidad) ng mga tao sa komunidad at iba pang lokal na aktor. Samakatuwid, ang ating pananaliksik ay dapat nakatuon sa pagbawas ng mismong panganib at risgo, o disaster risk reduction, at hindi lamang sa pagbuo ng pang-akademikong reputasyon. Ang pagkilala sa kakayang iskolar ng mga lokal na mananaliksik ay isang adhikaing pulitikal, at kaakibat nito ang pagkilala rin na ang pag-aaral ng kalamidad ay isang pulitikal na gawain at may epekto o kaugnayan sa lokal na kultura.

2..6 Nais nating ang ating larangan ay hindi lamang maitama ang ating salaysay, kung hindi upang maibahagi ito ng mas angkop at wasto. Ang pagbabahagi ng mga resulta at kinalabasan ng pag-aaral ay nagpapakita ng pagtutulungan, at pagbibigay halaga sa gagampanang papel ng lokal na pamumuno at kaalamang lokal. Dapat din nating ipamahagi at ipakita ang kaalaman sa mga wikang nauunawaan ng mga tao na nagnanais na magamit ito. Ang ating mga pagsusuri ng mga lathalain ay dapat maging sensitibo sa kuro-kuro hindi lang ng Enlightenment na pag-iisip kung hindi ng iba't-bang ontolohiya at epistimolohiya.

3. **Baguhin kung PAANO tayo nagsasaliksik**

3.1 Itigil ang kadalasan ay pagpapakita ng pagiging "eksperto" sa pananaliksik sa mga komunidad, irespeto ang lokal na kultura at tiyakin na ang mga lokal na mananaliksik at mga taong nakaranas ng panganib ay makapagbabahagi ng kanilang sariling salaysay gamit ang mga metodolohiyang lokal o sa kanilang sariling paraan upang maisulong din ang kanilang sariling layunin. Ang pananaliksik tungkol sa kalamidad ay maaaring hindi sang-ayon sa nakaugaliang pamamaraan, at kapaki-pakinabang lang sa pagsusulong ng ideya ng mga tagasaliksik mula sa labas ng komunidad, sa halip na ang interes ng mga mga tao sa komunidad.

3.2 Ang pananaliksik ay dapat nakabalangkas at angkop sa lokal na kalagayan at batay sa kultura, na dapat ding usisain at paunlarin. Patuloy na ipinapalagay na ang syentipikong pag-aaral batay sa Enlightenment na pag-iisip ay pundamental at makatwiran o tama, kaya naman madalas ito ay pinapalagay din na mas angkop sa pagsulong ng "kaunlaran". Subalit, ang ganitong pagpapalagay ng "kaunlaran" ay hindi angkop at binabalewala ang mga lokal na gawaing panlipunan at mga kasanayang institusyonal. Ang pagbabago ng paniniwala at palagay (epistemological shift) ay kailangang itampok upang baguhin ang nakagawiang pananaliksik tulad ng pagsusuri at pag-apruba ng mga lathalain.

**Baguhin kung TUNGKOL SAAN at para KANINO ang ating pagsasaliksik:**

3.3 Hikayatin ang mga lokal na mananaliksik na magbuo ng mga panukalang pananaliksik alinsunod sa lokal na prayoridad at isyu gamit ang pinaka akmang kapasidad na sa tuwina ay kailangang suriin at maging paksa din ng konstruktibong kritisismo.

3.4 Huwag palagiang bigyang prayoridad ang mga pananaliksik na gumagamit ng pananaliksik na nakabatay sa Enlightenment na pananaw, at isaalang-alang ang mga lokal at katutubong ontolohiya at epistemolohiya. Ang mga epistemolohiya at ideolohiya na ginagamit sa pag-aaral ng kalamidad ay mahalaga sapagkat binabalangkas nila o binibigyang giya ang mga mas angkop na tanong, methdolohiya, paraan ng pagsusuri.

**Baguhin kung SINO ang nangunguna sa pananaliksik:**

3.5 Hikayatin ang pamumuno ng mga lokal na institusyon (anuman ang posisyon sa internasyonal na pamantayan), ahensyang tagapondo, at mga mananaliksik na mamuno sa mga pag-aaral, mula sa pagdisenyo hanggang sa pangongolekta at pagsusuri ng datos, at sa huli ay pagsusulat ng mga lathalain. Makatutulong ito na mabago ang layunin ng pananaliksik na nakatuon lamang sa "pagdiskubre" ng mga kaalaman na kung tutuusin ay bahagi na ng pamumuhay at karanasan ng mga tao.

3.6 Gumamit ng mga pamamaraan na nanghihikayat sa mga tao at komunidad na pangunahan at punain ang mga layunin at tunguhin ng pananaliksik upang masiguro na mas may kapakinabangan ang mga ito sa lokal na mananaliksik at sa mga taong paksa ng pananaliksik.

4. **Makibahagi sa mga sumusunod na layunin at gawain:**

4.1 Bumuo ng isang adyenda ng pananaliksik na sumasalamin sa reyalidad, prayoridad at hinaing ng mga lokal na komunidad, mananaliksik at institusyon habang kinikilala na mayroon din iba-ibang pananaw at interes ang mga lokal na grupo.

4.2 Bigyang pansin at magsimula alinsunod sa nasimulan ng gawain ng lokal na mananaliksik kung meron na, at huwag itong balewalain para lang sa pansariling interes ng mga mananaliksik mula sa labas ng komunidad o mga banyaga sa lugar.

4.3 Manawagan ng pagbabago sa mga adyenda ng pananaliksik sa pamamagitan ng ating mga publikasyon, pagsuri sa paraan ng pag-abruba ng mga lathalain (peer reviewing), at pagbibigay ng mas maraming oras sa pagpapabuti ng larangan.

4.4 Magtaguyod at magsulong ng mas oportunidad na mapondohan ang mga lokal na pananaliksik kung saan ang tagapondo mula sa labas ay magdadagdag lamang kung kinakailangan.

4.5 Pagbatayan o ituloy ang mga lokal na adhikain sa pananaliksik at isakonteksto ang ayon sa lokal o katutubong paniniwala at palagay ang mga gawain sa pag-aaral.

4.6 Siguraduhin na ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay kapakipakinabang sa mga tao, komunidad o lugar na syang paksa ng pananaliksik.

4.7 Aktibong isulong ang pagbuo ng mga samahan (network) kasama ang mga institusyon at mga indibidwal na kaagapay sa pagsusulong ng mga layunin ng manipesto anuman ang kanilang posisyon. Mahalaga na ang mga mismong tao o kumunidad, at lokal na mananaliksik, ay bahagi ng samahan na ito.

4.8 Humanap at isama ang mga lokal mananaliksik sa mga proyekto sa ating sariling lugar, bilang pangunahing mananaliksik, at hikayatin sila na magbahagi ng kanilang kritika at payo ukol sa gawain at pamamaraan ng pag-aaal na mas angkop sa lugar.

4.9 Suportahan ang paglalathala ng pag-aaral sa lahat ng peryodiko. Mahalaga rin bukas o libre na pagamit (open access) ng mga peryodiko at ito ay upang tiyakin na magagamit ng mga iskolar sa buong mundo ang iyong pag-aaral. Kasabay nito, mahalaga rin na punain ang hindi pagkakapantay-pantay o kawalan ng access sa paglathala ng pag-aaral dahil sa paglaganap ng mga pay-to-publish-open-access.

4.10 Suportahan ang mga publikasyon tungkol sa pag-aaral ng kalamidad na nakalathala sa wikang Ingles.

4.11 Hikayatin at isulong ang mga publikasyon at presentasyon na pinamumunuan ng lokal na mamamayan at komunidad, akademiko man o hindi akademiko.

Inaasahan namin ang inyong pakikibahagi! Ang disaster studies ay kailangan maging mas inklusibo at batay sa kolektibong gawain. Kung ang ating adhikain ay magiging matagumpay, maaaring mas maging kapakipakinabang ang disaster studies upang isakatuparan ang mas epektibong disaster risk reduction. At ang layunin na ito ay hindi na dapat pang hintayin na kusang dumating, at kung hindi ay dapat na gawin na!

**Isinalin sa Filipino-Tagalog ng mga estudyante ng kursong Geography 255 (Geography of disasters and disaster risk reduction) sa UP Department of Geography**

Aquino, Laurice
Bañez, Roxanne
Cariaso, Angelica
Chavez, Vert Vince Antonique
Dela Cruz, Joseph Mattew
Jacinto, Jonna Maye
Madueño Jr., Eduardo
Ocampo, Billy Joe
Tumambing, Vanessa
Valderrama, Joel Bienne
Wong, Jomelle John Anthony
Cadag, Jake Rom (Guro)

Para sa anumang suhestyon at katanungan, maaari kayong magpadala ng mensahe kay Jake Cadag (jdcadag@up.edu.ph)